# Kasal ng Kordero

MANWAL NG SEMINARY SA BAGONG TIPAN

- Ano ang ilang dahilan kung bakit madalas nagdiriwang ang mga pamilya sa mga kasal?

Ginamit ni Juan ang imahe ng kasal upang ituro sa atin ang tungkol sa mga huling araw. Ang kasal na ito na isinulat niya ay simbolo ng Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas.

Gumuhit ng isang simpleng larawan ng babae at lalaking ikakasal at isulat ang natutuhan mo tungkol sa bawat isa habang nag-aaral ka.

Basahin ang Apocalipsis 19:7–9 upang malaman kung ano ang hinihikayat ng Panginoon na madama natin tungkol sa kasal na ito. Ang babaeng ikakasal sa mga talatang ito ay sumisimbolo sa mga miyembro ng Simbahan ng Panginoon na inihahanda ang kanilang sarili para sa pagbabalik ni Cristo.

- Ayon sa talata 8, paano tayo maghahanda para sa kasal na ito? Ano kaya ang ibig sabihin nito para sa iyo?

- Sa anong mga paraan angkop na simbolo ang kasal para sa ating pakikipagtipan kay Jesucristo?

- Paano magiging araw ng kagalakan para sa iyo ang pagbabalik ng Tagapagligtas?

Basahin ang mga sumusunod na banal na kasulatan at pag-isipan kung ano ang magagawa mo upang makapaghanda para sa panahong muling paparito si Jesucristo. Maaari mong markahan ang mahahanap mo sa iyong mga banal na kasulatan o isulat ito sa iyong journal.

Apocalipsis 7:13–14

3 Nephi 27:19–21

- Ano ang nadarama mo tungkol kay Jesucristo at sa ginawa Niya upang maihanda ka para sa Kanyang pagparito?

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2022 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyon: 2/21. Pagsasalin ng *New Testament Doctrinal Mastery: Assessment 2—Study Guide.* Tagalog. PD60012661 893. Printed in the United States of America.